


Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paggalang sa mga Dayuhan at Katutubo



Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paggalang sa mga Dayuhan at Katutubo
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Maria Fe P. Alas, Glenda T. Navato

Editor: Caridad P. Baginon, Maria Cicelia Pacantarra, Mico May R. Cayaco

Tagasuri: Josefina E. Tanciongco, Juliet L. Lim, Edna Malasaga,

Tagaguhit: Crisanto L. Lopera, Lemuel P. Valle Jr.

Tagalapat: Gualberto R. Gualberto Jr., Joel F. Amerila, Lemuel P. Valle Jr.

Tagapamahala:

Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Amenia C. Aspa

Mariza S. Magan

Edgar Y. Tenasas

Mark Chester Anthony G. Tamayo

Gretel Laura M. Cadiong

Ranulfo L. Baay

Juliet L. Lim

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832 - 2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Ikalawang Markahan – Modyul 3:
Paggalang sa mga Dayuhan at
Katutubo**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Marami ka bang kaibigan? Paano mo sila pinahahalagahan? Ang pagkakaibigan ay nagtatagal kung may pag-uukol ng paggalang sa pamamagitan ng mabuting asal at pananalita. Ang paggalang ay naipapakita sa pagpaparaya sa ibang tao lalo na sa mabuting pakikitungo sa kanila bilang mga katutubo at mga dayuhan. Ang bawat isa sa atin ay dapat na may kaalaman sa paggalang sa kapuwa, kaiba man ang kanilang anyo, gawi, paniniwala at kulturang kinagisnan.

Ang sumusunod na mga layunin ang tatalakayin sa modyul na ito:

- Nakapagpapakita ng paggalang sa mga dayuhan sa pamamagitan ng:
 - a. mabuting pagtanggap/pagtrato sa mga katutubo at mga dayuhan
 - b. paggalang sa natatanging kaugalian/paniniwala ng mga katutubo at dayuhang kakaiba sa kinagisnan



Subukin

Basahin at suriin ang mga pangungusap sa bawat bilang. Tukuyin kung ito ay nagpapakita o hindi nagpapakita ng paggalang sa dayuhan. Isulat sa kuwaderno ang **NP** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paggalang at **HNP** naman kung hindi.

1. Pinagtawanan ni Abel ang nakasalubong niyang tao na maitim ang balat habang papasok siya sa paaralan.
2. Tinulungan ni Sebastian ang isang matandang dayo sa kanilang lugar na tumatawid sa kalsada nang makasabay niya ito sa pauwi ng bahay.
3. Nakituloy sa tahanan nila Myra ang ilang kasamahang dayuhan ng kaniyang ama upang dumalo sa isang pagtitipon kinabukasan ngunit tumanggi siyang humarap at magpakilala sa kanila.
4. Iniwasan at hindi kinausap ni Jessica at ng kaniyang mga kabarkada ang kanilang kaklase na bagong lipat sa kanilang paaralan.
5. Iniwasan ni Tony na mapalapit sa kapitbahay nilang dayuhan dahil ayaw niyang magsalita ng wikang banyaga.

Aralin

1

Paggalang sa mga Dayuhan at Katutubo

Ikaw ay napaliligiran ng tao, kahit saang panig ka tumingin, napakarami at iba-iba ang uri ng taong iyong makikita. May mga dayo o dayuhan at katutubo rin tayong nakakasalamuha. Sinoman ang ating makilala, mahalaga na maipakita natin ang ating paggalang sa pamamagitan ng mabuting pagtanggap o pagtrato sa kanila at paggalang sa natatanging kaugalian o paniniwala nila.

Ang paggalang ay isa sa mga pagpapahalaga na dapat nating linangin at pagyamanin lalo na sa pakikipagkapwa at pakikitungo natin sa mga tao sa ating lipunan. Ang paggalang sa sinoman, ano man ang kanilang pinanggalingan, ay tanda nang mabuting pakikipag-ugnayan. Ito rin ay naipakikita ng tao sa lipunan sa iba't ibang paraan lalo't higit sa itinuturing nating mga dayuhan at katutubo.



Balikan

Gawain 1. Sa ibaba ay mga larawang nagpapakita ng mga pangyayaring nararapat ipagbigay-alam sa kinauukulan. Isulat sa inyong sagutang papel kung anong kaganapan ang ipinapakita.

1.



2.



3.



4.



5.



Gawain 2. Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Bakit kailangang ipagbigay-alam sa kinauukulan ang ganitong mga kaganapan?
2. Anong halagang pangkatauhan ang nararapat ipakita o taglayin ng bawat isa upang maiwasan ang ganitong pangyayari?
3. Naniniwala ka ba na ang paggalang sa ating kapwa o maging sa mga dayuhan o sa mga katutubo ay mahalaga upang maiwasan ang ganitong mga kaganapan? Bakit?

Kung nakakuha ka ng tamang mga sagot ay handa ka na sa bagong aralin na iyong tatahakin. Sige, umpisahan mo na!



Tuklasin

Basahin at unawain ang tula. Sagutin ang mga tanong pagkatapos nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Iba-iba Man, May Pagkakatulad Din

Zenaida R. Ylarde

Siya, ako, at sila
Bansa nami'y iba-iba
Kaniya-kaniya ng kultura.
Iba-iba man ang aming pinanggalingan,
Tunay naman ang aming pagsasamahan
Iba-iba man ang aming katauhan
Lumikha sa amin ay iisa lamang
Ang aming Diyos na kinikilala
Dakila Siya, tayo'y Kaniyang nilikha.

1. Tungkol saan ang tula?
2. Ano ang pangangailangan ng bawat isa?
3. Bakit iisa tayo sa kabila ng pagkakaiba ng ating katauhan?
4. Paano nagiging dakila ang Diyos batay sa akda?
5. Paano nagkakaiba ang ating katauhan?




Suriin

Ang paggalang sa kapuwa tao ay natutuhan natin mula sa pagkabata. Ito ay isang hakbang sa pagkamit ng isang mapayapang pamayanan. Kapag iginagalang ng lahat ang kaniyang kapuwa, tiyak walang magkakagalit dahil nirerespeto ang karapatang pantao.

Ang paggalang at pakikitungo sa kapuwa na nais nating gawin sa atin ng ibang tao ay napakahalaga. Sabi nga, kung ano ang nais mong gawin sa iyo ay siya ring gagawin mo sa iyong kapuwa tao. Ito ay hindi lamang naipakikita sa salita kundi sa kilos at gawa.

Sa mga pagkakataong tayo ay makikisalamuha sa mga dayuhan o mga katutubo, dapat natin silang tanggapin at tratuhin nang maayos. Ang kanilang mga kaugalian na kinagisnan ay atin din igalang sapagkat ang bawat isa sa atin ay may sariling karapatan at doon din sila nasanay.

Matuto tayong magbigay-halaga sa mga dayuhan at mga katutubo, dahil kahit sino pa man sila, kaisa natin sila. Nararapat lamang na tayo ay matutong gumalang sa bawat isa.



Pagyamanin

Buoin ang mga pahayag nang may paggalang sa anomang ideya/opinyon. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na karugtong na pariralang bubuo ng pahayag. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

- a. nararapat din natin silang igalang
- b. magalang na nakikinig sa kanila
- c. katutubong Pilipino
- d. dapat din nating irespeto ang kanilang karapatan
- e. may sariling karapatan din sila
- f. paniniwala
- g. pagiging magalang sa lahat ng pagkakataon
- h. tanggapin at tratuhin nang maayos
- i. pagtanggap nang maayos sa kapuwa tao
- j. paglinang ng ating buhay

1. Bagaman kakaiba ang itsura ng mga katutubo _____.
2. Ang mga pangkat etniko ay kapuwa ko Pilipino, sapagkat sila ay mga _____.
3. Kapag may mga dayuhang pumupunta sa Pilipinas at hindi ko maintindihan ang kanilang wika, ako ay _____.
4. Ang mga katutubo ay may sariling pamamaraan nang pagsamba sa kanilang Diyos kung kaya _____.
5. Ang lahat ng mga tao ay may pagkakaiba ng _____.
6. Ang lahat ng mga tao ay nararapat makatanggap nang mabuting pagtrato dahil _____.
7. Ang maaari kong magawa upang matulungan ang mga dayuhan ay _____.
8. Ang natatanging kaugalian ng mga katutubo ay ang _____.
9. Maganda ang kultura ng mga Pilipino tulad ng _____.
10. Ang pagkakaalam ko sa kultura ng mga dayuhan, halimbawa ay ang _____.



Isaisip

Piliin mula sa loob ng kahon ang angkop na konseptong bubuo sa bawat pahayag. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

pagkatao	paggalang	gawa	kapuwa
	hakbang	ideya	

Ang _____ sa kapuwa tao ay natutuhan natin mula sa pagkabata. Ito ay isang _____ sa pagkakamit ng isang mapayapang pamayanan. Kapag iginagalang ng lahat ang kaniyang _____, tiyak walang magkakagalit dahil nirerespeto ang _____.

Ang paggalang sa kapuwa at pagtrato na nais nating gawin sa atin ng ibang tao ay nararapat. Ito ay hindi lamang naipakikita sa salita kundi sa _____.



Isagawa

Nakatala sa talahanayan sa ibaba ang ilang mga paraan kung paano natin maipakikita ang paggalang sa mga dayuhan. Sa iyong sagutang papel, punan ang katapat na kolum ng inyong naisip na maaaring gawin bilang mag-aaral upang ito ay maisakatuparan.

Pagtanggap at maayos na pag-aasikaso sa mga bisitang dayuhan sa ating bayan	<i>Hal. Makipagkaibigan sa mga dayuhan.</i>
Pakikinig nang mabuti kapag may dayuhang nagpapahayag ng kaniyang saloobin	
Pagpapahalaga sa mga paraan ng pamumuhay ng mga dayuhan	
Pagtuturo sa dayuhan ng ilang kaugaliang nakagisnan	
Pagpapakita ng interes sa mga pangkulturang gawain	



Tayahin

A. Basahing mabuti ang mga sitwasyon. Sa iyong sagutang papel, markahan ng tsek (✓) kung ito ay nagpapakita ng paggalang sa mga katutubo at mga dayuhan at ekis (✗) kung hindi.

1. May nagsasayaw na mga katutubo sa parke. Uuwi na dapat ang ate mo pero tumigil muna siya at masayang nanood sa ginagawa ng mga katutubo.
2. Pinagsabihan ng nanay mo ang mga batang nanunukso sa mga batang Mangyan na nakaupo sa parke.
3. May dayuhang nagtatanong ng direksyon sa mga kabataang nakatambay sa harapan ng tindahan ni Aling Mameng. Pinagtawanan lamang nila ito at hindi sinabi ang tamang direksyon.
4. May mga Hapon na pumunta sa inyong paaralan upang magbigay ng tulong. Laking pasasalamat ng inyong paaralan kaya naatasan ang inyong klase na magpakita ng sayaw at awit para sa mga bisita.
5. Lagi na lang tinutukso ng mga kaklase ninyo ang hitsura ni Glenda na isang batang banyaga.

B. Isulat sa iyong sagutang papel ang **S** kung sumasang-ayon ka sa isinasaad ng sitwasyon sa bawat bilang at **HS** kung ikaw ay tumututol dito.

1. Iniiwasan na maging kaibigan ang isang bagong kakilala na may kakaibang kulay ang balat at ibang gamit na wika sa pakikipag-usap.
2. Ipinaghahanda ng miryenda and sinomang bisita o nakikituloy sa inyong tahanan.
4. Iginagalang ang opinyon ng kaibigan ukol sa mga paraan kung paano susundin ang batas sa paglalaro ng kahit anong isport.
5. Hindi kailangang igalang ni Lina at bigyang respeto ang kaniyang mga kamag-aral na Koreano at Muslim dahil magkaiba naman sila ng batas na sinusunod at kinikilang Diyos.
6. Pinagtatawanan ang mga katutubo na nakikitang nagpapalaboy-laboy sa lansangan.



Karagdagang Gawain

Ilahad ang iyong magiging sariling pagpapasya kung ikaw ay malalagay sa sumusunod na sitwasyon. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang tatay mo ay kapitan ng inyong barangay. Nakaranas ang mga mamamayan sa inyong lugar ng matinding hagupit ng bagyo kaya maraming kabahayan ang napinsala. Ang mga tulong at donasyon ay sa inyong bahay inilalagak. Biglang may dumating na mga dayuhan / katutubo na naninirahan din sa inyong barangay. Sila ay humihingi din ng tulong sa kanilang sinapit. Ano ang gagawin mo kahit alam mong hindi mo sila kakilala?

2. Nagdiriwang ng kapistahan sa inyong lugar. Napakaraming mga Mangyan ang nanlilimos upang sila ay may makain. Hindi maganda ang kanilang pananamit at sila ay madudungis. Ipagtatabuyan mo ba at sisigawan sila? Bakit?



Susi sa Pagwawasto

Karagdagang Gawain Maaring magkaiba-iba ang sagot.	Pagymanin 1. A 2. C 3. B 4. D 5. F 6. E 7. H 8. G 9. I 10. J	Tuklasin (Maaring magkaiba-iba ang sagot.) - Ang tula ay tungkol sa pagkakatatulad o pagiging isa ng tao. - Nangangailangan ang bawat isa ng paggalang. - Iisa tayo sa kabila ng pagkakataon dahil iisa ang lumikha sa atin. - Dakila ang Diyos dahil nilikha Niya ang tao o tayo. - Nagkakataon ang ating katauhan dahil sa iba-iba ang lahi at kulturang kinagisanan
Tayahin A. 1. / 2. / 3. x 4. / 5. x B. 1. HS 2. S 3. S 4. HS 5. HS	Isaisip - paggalang - Hakbang - Ideya - Kapwa - gawa	Balikan (Maaring magkaiba-iba ang sagot) - Batang may kapansanan na tinutukso - Batang tinatali at pinamamalupitan. - Batang binu-bully ng ibang bata. - Child Labor - Batang pinapalo ng magulang o nakatatanda
Isagawa Maaring magkaiba-iba ang sagot Nararapat na ang sagot ay kakikitaan ng galawing nagpapakita ng paggalang sa dayuhan o katutubo	Subukin - HNP - NP - HNP - HNP - HNP	

Sanggunian

Learners Material, ESP Grade 5, (K to 12 Curriculum Guide, 2016), 72

Teacher's Guide, EsP Grade 5, (TG, 2016), 18-19

Contextualized Learning Resources, Tacloban City Division, 69 – 72.

Ylarde, Zenaida, ESP 5, Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon: 74 – 79, 96

clipart, Child, Vector Cliparts, Child Clipart, Child clipart, Vector Cliparts, and Child Clipart. 2020. "Child Abuse Clipart Image". Pixy.Org. CC BY-NC-ND 4.0 Accessed November 10. <https://pixy.org/536357/>.

"Download Flat Design Bullying Concept With Kids For Free". 2020. *Freepik*. Accessed November 10.

https://www.freepik.com/free-vector/flat-design-bullying-concept-with-kids_10749902.htm#page=1&query=child%20bullying&position=1.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph